## ANG AKING PAHINTULOT PARA SA MEDIKAL NA PANGGAGAMOT AT SINGILIN

Ako ay nabibigay ng pahintulot sa pamamaraan/pangangalaga na maaaring isagawa sa panahon ng pagbisitang ito, kabilang ang panggagamot na pang-emergency o mga serbisyo, maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga pamamaraan sa laboratoryo, toxicology screening, x-ray na pagsusuri, medical at/o pag-opera at/o mga pamamaraan, ibinigay na anesthesia at/o serbisyo ng ospital sa ilalim ng pangkalahatan at natatanging mga tagubilin ng doktor o surgeon ng pasyente. Aking nauunawaan na:

A) Karaniwan ito, maliban kung may emergency o kakaibang pagkakataon, na ang mga pangunahing pamamaraan ay hindi isinasagawa hangga't hindi pa tinatalakay ng pasyente sa kanyang doktor o iba pang propesyunal sa kalusugan at sumang-ayon sa (mga) pamamaraan;

B) Bawat pasyente ay may karapatang tumanggi sa anumang iminungkahing (mga) pamamaraan at/o panggagamot ;

C) Walang sinumang pasyente ang masasama sa anumang pananaliksik o (mga) pamamaraang pang-eksperimento nang wala siyang buong kaalaman at pahintulot, at

D) Aking nauunawan na walang garantiya ang ibinigay sa akin tungkol sa resulta o mga lunas na maaaring makuha mula sa pagsusuri o panggagamot sa ospital.

Sa pagkakataong ang isang manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan ay nalantad sa aking dugo o mga fluid ng katawan sa panahon ng aking pangangalaga sa pasilidad ng Providence Health & Services Alaska, akin ngayong ibinibigay ang pahintulot na suriin para sa pagkakaroon ng mga sakit na nakahahawa na maaaring maging sanhi ng panganib sa manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan. Aking nauunawaan na ang mga pagsusuring ito ay upang matiyak ang naaangkop na pangangalagang medikal ay matukoy para sa nalantad na manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan. Ang mga resulta ng mga pagsusuring ito ay ilalagay sa aking kumpidensyal na impormasyong medikal. Hindi ako sisingilin sa pagsusuring ito, at ang mga resulta ay ipadadala sa aking pangunahing doktor. Aking nauunawaang ang pagsusuring ito ay isasagawa sa pamagitan ng Providence Health & Services Alaska Employee Health Services at maaari akong makipag-ugnayan sa kanila tungkol sa anumang mga tanong o alalahanin hinggil sa usaping ito.

**Ang Advance Directive (Paunang Utos)**

Ang Providence Health & Services Alaska ay kinikilala ang tamang pagsasagawa ng advance directive, declaration/living will o matibay na power of attorney para sa mga pasya sa pangangalaga sa kalusugan.

Mayroon ba kayong anumang advanced directive (paunang utos) o matibay na power of attorney para sa mga pasya sa pangangala sa kalusugan?

Inisyal: Oo_________ Hindi _________ Kung oo lokasyon:_______________________________________

**PERSONAL NA MGA PAG-AARI**

Pinayuhan akong dapat kong iwanan ang aking personal na pag-aari, pera, at mga mahalagang gamit sa tirahan, o sa aking pamilya/mga kaibigan. Sumasang-ayon ako na ang pasilidad o programa ay walang pananagutan para sa anumang pagkawala o pagkasira sa nabanggit na personal na pag-aari, pera, at mahahalagang gamit at ipinauubaya ang lahat ng gayong "claims" maliban na lang kung ang mga bagay na iyon ay inilagak sa safe ng pasilidad. Aking nauunawaan na ang pasilidad ay walang pananagutan para sa pag-iingat ng aking personal na pag-aari, pera, at mga mahalagang gamit na aking iniwan sa pampublikong lugar ng pasilidad o sa kuwarto ng pasyente, residente, o kliyente.

**Lagda para sa Pagpahintulot na Panggagamot at Singil at Pagtanggap ng Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Panggagamot at Mga Usapin sa Pananalapi (ang Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Panggagamot at Mga Usapin sa Pananalapi ay mga pahina 3 at 4)**

_______________________________________________ **Kaugnayan sa pasyente**_____________________________________________

**Lagda ng pasyente, kamag-anak o legal na kinatawan**

☐ Menor de edad ang pasyente__________edad ☐ Medikal na kundisyon ng pasyente pumipigil sa paglagda

Lagda ng Saksi____________________________________________Petsa_______________Oras___________

*****************************************************************************************************

**ABISO NG MGA GAWI SA PAGKAPRIBADO**

***Sa aking lagda sa ibaba aking kinikilala ang pagtanggap ng Abiso ng mga Gawi sa Pagkapribado***

Lagda ng Pagkilala Petsa

8581-D32 (Rev. 8/12)

ILAGAY DITO ANG ID LABEL NG PASYENTE

PROVIDENCE Health & Services Alaska

**PAHINTULOT PARA SA MEDIKAL NA PANGGAGAMOT at SINGIL**

Pahina 1 ng 1

Routing: Orihinal - Medikal Records Dilaw - Business Office Pink - Pasyente